# Espesyal na Halalan sa Mayo 2025

# Pamplet sa Wikang Tagalog para sa mga Botante ng Deschutes County

# pamplet
# para sa mga botante

Halalan para sa Espesyal na Distrito ng Oregon sa pamamagitan ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo | **Mayo 20, 2025**

**Paunawa**

Ito ang panimula ng iyong Pamplet para sa mga Botante ng Deschutes County.
Ang lahat ng impormasyong nakapaloob sa pamplet na ito ay
binuo at inilathala ng iyong Kawani ng County.

Minamahal na Botante ng Deschutes County:

Ito ang iyong Pamplet para sa mga Botante sa Halalan para sa Espesyal na Distrito ngayong Mayo 20, 2025 na ibinibigay ng Tanggapan ng Kawani ng County ng Deschutes (Deschutes County Clerk's Office). Naglalaman ito ng impormasyon tungkol sa mga kandidato at mga panukalang-batas mula sa mga lokal na hurisdiksyon sa loob ng mga hangganan ng Deschutes County.

Naglalaman ang pamplet na ito ng mga panukalang-batas sa balota at mga pagpapaliwanag na pahayag na idinisenyo para magbigay ng walang kinikilingang impormasyon. Naglalaman din ito ng mga bayad na pangangatwiran para sa o laban sa ilang partikular na panukalang-batas. Maaari ding magbayad ang mga kandidato para maglagay ng pahayag sa pamplet.

Ipadadala sa koreo ang mga balota sa Miyerkules, Abril 30, 2025, sa bawat rehistradong botante. Narito ang ilang bagay na dapat mong malaman:

- **Ipadala** ang iyong binotohang balota sa sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo o **ihulog ito** sa isang opisyal na lugar ng drop box bago mag-**8 p.m., Martes, Mayo 20, 2025**. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service USPS) pagdating ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan at natanggap ng Opisina ng Kawani pagsapit ng Martes, Mayo 27, 2025 ay tatanggapin. Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota.
- Magbubukas ang mga lugar ng drop box sa Biyernes, Mayo 2. Tingnan ang pahina ng *Mga Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota* sa pamplet na ito para sa higit na mga detalye.
- Makikita ang mga pangalan ng kandidato sa iyong balota nang hindi alpabetikong magkakasunod. Alinsunod sa ORS 254.155, ang hindi magkakasunod na pagsasaayos ng mga letra ay isinasagawa bago ang bawat halalan.
- Hindi lahat ng kandidato o panukalang-batas sa Pamplet na ito para sa mga Botante ay makikita sa iyong balota. Tinutukoy ng iyong address (tirahan) ang mga distrito kung saan maaari kang bumoto. Ang iyong opisyal na balota ay maglalaman lang ng mga isyu na kung saan kwalipikado kang bumoto, batay sa kung saan ka nakatira.

- Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng impormasyon para sa Pamplet para sa mga Botante, kaya maaaring may mga kandidato ka sa iyong balota na wala sa Pamplet para sa mga Botante.
- Ang Pamplet na ito para sa mga Botante ay makikita online sa www.deschutescounty.gov/elections. Pagkalipas ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan, ang mga paunang resulta ng halalan ay ipo-post online sa www.deschutescounty.gov/ElectionResults.
- Kung inihatid ang balota sa iyong tirahan para sa isang tao na hindi na dapat nakatatanggap ng balota sa iyong address, pakisulat ang “RETURN” (PAGBALIK) sa sobre at ibalik ito sa iyong mailbox.
- Ang lagda sa bawat sobre para sa pagbalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa lagda ng botanteng nasa file. Kailangang magkatugma ang mga lagda bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong lagda, paki-update ang iyong rehistrasyon ng botante sa pamamagitan ng pagkumpleto ng kard ng rehistrasyon. Makukuha ang mga kard ng rehistrasyon sa aming tanggapan, mga post office, mga munisipyo, at sa Kagawaran ng Mga De-motor na Sasakyan (Department of Motor Vehicles DMV).

# Impormasyon sa Pagboto

## Pag-rehistro para Makaboto

Upang maging kwalipikadong bumoto sa Espesyal na Halalan sa Mayo 20, 2025, kailangang namarkahan ng koreo ang isang nakumpletong kard ng rehistrasyon ng botante pagsapit ng Martes, Abril 29, 2025.

**Halalan para sa Espesyal na Distrito sa Mayo**
Ang lahat ng botante sa Halalan para sa Espesyal na Distrito sa Mayo 20, 2025 ay makatatanggap ng parehong balota nang hindi alintana ang kaakibat na kaalyadong pampolitika.

**Upang mag-rehistro para makaboto sa Oregon, ikaw dapat ay:**
1. Isang residente ng Oregon.
2. Isang mamamayan ng Estados Unidos.
3. Hindi bababa sa 18 taong gulang pagsapit ng Araw ng Halalan.

**Kailangan mong i-update ang iyong rehistrasyon kung:**
1. Nagbago ang iyong tirahan o address para sa koreo.
2. Nagbago ang iyong pangalan.
3. Nais mong baguhin ang iyong kaalyadong partido.

**Mahalagang Tandaan:**
Kung lumipat ka o nagbago ang iyong pangalan at hindi mo pa na-update ang iyong rehistrasyon, kwalipikado ka pa ring bumoto. Tawagan ang Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547 o mag-email sa elections@deschutescounty.gov para sa higit pang impormasyon.

**Makipag-ugnayan sa:**
Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office)
(541) 388-6547 Deschutescounty.gov/elections
elections@deschutescounty.gov
1 (866) ORE-VOTES (se habla Español)
www.oregonvotes.gov
TTY 1 (800) 735-2900

**Pagtatatuwa (Disclaimer):**
**Ang impormasyong ibinigay sa mga pahayag o pangangatwiran ng isang kandidato, isang partidong pampolitika, isang kapulungan ng mga manghahalal,**

**o isang taong sumusuporta o sumasalungat sa isang panukalang-batas ay hindi pa nabeberipika para sa katumpakan ng Deschutes County.**

# Mga Tagubilin sa Pagboto

Maglalaman ang iyong Pakete ng Balota ng mga sumusunod na bagay:

- Nakaimprentang balota
- Sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo, na kailangang lagdaan

## Suriin ang iyong opisyal na balota at bumoto gamit ito:

Suriin ang iyong opisyal na balota at hanapin ang pupunang bilog (⬬) para sa kandidato o panukalang-batas na iyong napili para sa bawat labanan. Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng iyong mga napili gamit ang panulat (itim o asul na tinta). Huwag gumamit ng felt tip pen.

## Suriin ang iyong balota:

Tiyaking namarkahan mo nang tama ang iyong napili para sa bawat labanan. Ang iyong opisyal na balota ay maaring maglaman ng mga labanang nakalathala sa magkabilang pahina ng iyong balota.

## Maghandang ibalik ang iyong balota:

Ilagay ang iyong balota sa sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo. Titiyakin ng tauhan ng halalan ang paglihim ng iyong balota. Basahin ang pahayag ng botante sa sobreng ibabalik at lumagda sa kahon para sa lagda.

## Paglagda ng iyong sobre para sa pagbalik ng balota:

Hindi bibilangin ang iyong balota kung hindi nilagdaan ang sobreng ibinalik. Ang bawat lagda ay kinukumpara sa lagda sa rehistrasyon na nasa file at kailangang tumugma ang lagda para mabilang ang balota.

## Ibalik ang iyong balota:

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong balota gamit ang iyong nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota. Hindi kailangan ng selyo. Ipadala ang iyong binotohang balota nang hindi lalampas sa Martes, Mayo 20, 2025. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service USPS) pagdating ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan at natanggap ng Opisina ng Kawani pagsapit ng Martes, Mayo 27, 2025 ay tatanggapin.

- **Saanmang opisyal na lugar ng drop box:** Ihatid ang nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota sa isang opisyal na lugar ng drop box nang hindi lalampas sa 8 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.

### Mga botanteng may kapansanan:


Kung kailangan mo ng tulong sa pagboto o pagsumite ng iyong balota, tawagan ang Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547. Maglalaan kami ng dalawang tauhan para tulungan ka sa pagboto. Maaari mo ring awtorisahan ang isang kaibigan, miyembro ng pamilya, o iba pang pinagkakatiwalaang tao, na hindi kasapi sa iyong tagapag-empleyo o unyon, na tulungan ka.


May maida-download na audio edition ng Pamplet para sa mga Botante sa aming website. Maaari ding mag-order ang mga botante sa pamamagitan ng pagkontak sa Independent Living Resources sa (503) 232-7411, info@irl.org, o TTY (503) 232-8408.

## Paano Isumite ang Iyong Boto

### 1. Kumpletuhin ang iyong balota


- Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng iyong napili gamit ang panulat (itim o asul na tinta). Huwag gumamit ng felt tip pen.
- Upang bumoto para sa isang tao na wala sa balota, punan ang bilog sa tabi ng linya para sa “pagsasama ng pangalan” (write-in), pagkatapos ay isulat nang maayos ang pangalan ng tao sa inilaang linya. Huwag isulat ang pangalan ng kandidato na nakikita na sa balota.
- Hindi mo kailangang botohan ang lahat ng labanan. Bibilangin pa rin ang mga iboboto mo.




### 2. Suriin kung may mga mali

- Kung bumoto ka nang higit sa mga opsyon na pinahihintulutan, ang iyong boto **ay hindi mabibilang** para sa labanang iyon.
- Kung nagkamali ka sa iyong balota, maaari mong gawin ang iyong mga pagbabago sa balota. Guhitan ng linya ang buong pangalan ng kandidato o tugon sa panukalang-batas. Pagkatapos ay maaari kang pumili ng iba.




- Makipag-ugnayan sa Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547 para humiling ng pamalit na balota kung:
  - nagkamali ka na hindi mo maaaring itama
  - ang iyong balota ay nasira o namarkahan nang hindi tama
  - nawala ang balota mo

## 3. Ipasok ang balota at lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota

- Ipasok lamang ang iyong binotohang balota (hindi ang balota ng ibang tao) sa loob ng iyong sobre para sa pagbalik ng balota. *(Kung makatanggap kami ng isang sobre na may higit sa isang balota sa loob, ang lahat ng nakapaloob na balota ay tatanggihan at hindi mabibilang).*
- Kailangan mong lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota, kung hindi ay **hindi mabibilang ang iyong boto.**
- Ang lagda sa bawat sobre para sa pagbalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa lagda ng botanteng nasa file.
  Kailangang magkatugma ang mga lagda bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong lagda, paki-update ang iyong rehistrasyon ng botante.

## 4. Ibalik ang iyong balota

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong balota gamit ang iyong nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota. Hindi kailangan ng bayad sa koreo. Ipadala ang iyong binotohang balota nang hindi lalampas sa Martes, Mayo 20, 2025. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service USPS) pagsapit ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng Kawani pagsapit ng Martes, Mayo 27, ay tatanggapin.

- **Saanmang opisyal na lugar ng drop box:** Ihatid ang nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota sa isang opisyal na lugar ng drop box nang hindi lalampas sa 8 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.

# Mga Lokasyon ng Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota

**Ihulog** ang iyong balota sa isang opisyal na lokasyon para sa lugar ng drop box nang hindi lalampas sa alas-8 ng gabi, Martes, Mayo 20, 2025.
Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota.

## Mga Oras na Bukas ang Lugar ng Drop Box:

**Magbubukas:** Biyernes, Mayo 2, 2025
**Magsasara:** Araw ng Halalan, Martes, Mayo 20, 2025, ng **8 p.m.**

## Mga Lokasyon para sa Lugar ng Drop Box:

### Bend

**Sentro para sa Mga Serbisyo ng Deschutes (Deschutes Services Center)**
1300 NW Wall St, Bend
*(Walk-up at Drive-through, Panlabas na Drop Box na matatagpuan sa kanlurang bahagi ng gusali)*

**Kagawaran ng Lansangang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Road Department)**
61150 SE 27th St, Bend
*(Matatagpuan sa dulong timog ng parking lot)*

**Old Mill**
459 SW Bluff Dr, Bend
*(Ang box ay matatagpuan sa maliit na burol sa itaas ng Old Mill District sa parking lot sa timog ng Hilton Garden Inn hotel)*

**Bradbury Park & Ride**
1000 SW Bradbury Way, Bend
*(Ang box ay matatagpuan sa tapat ng Park & Rec Pavilion malapit sa Simpson at Columbia)*

**Liwasang-bayan ng Pine (Pine Nursery Park)**
3750 NE Purcell Blvd, Bend
Bukas sa karaniwang oras ng negosyo ng parke
*(Matatagpuan ang box sa dulong silangan ng parking lot)*

## Redmond (Mga Bagong Lokasyon)

**Sentro ng Eksibisyong Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Expo Center) (Mga Panlabas na Lugar ng Eksibisyon)**
3800 SW Airport Way, Redmond
*Matatagpuan ang box sa rotonda sa dulong silangan ng parking lot)*

**Pampublikong Aklatan ng Redmond (Redmond Public Library)**
827 SW Deschutes Ave, Redmond
*(Matatagpuan ang box sa dulong kanluran ng parking lot)*

## La Pine

**Pampublikong Aklatan ng La Pine (La Pine Public Library)**
16425 1st St, La Pine
*(Matatagpuan ang box sa 1st St at Huntington Rd)*

## Sisters

**Munisipyo ng Sisters (Sisters City Hall)**
520 E Cascade Ave, Sisters
*(Matatagpuan ang box sa harap ng Munisipyo)*

## Sunriver

**Pampublikong Aklatan ng Sunriver (Sunriver Public Library)**
56855 Venture Ln, Sunriver
*(Matatagpuan ang box sa Sunriver Business Park)*

**-- O --**

**Ipadala sa koreo** ang iyong binotohang balota gamit ang sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo nang hindi lalampas ng **8 p.m.**, **Martes, Mayo 20, 2025**. Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre ng balota. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service USPS) pagsapit ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng Kawani pagsapit ng Mayo 27, ay tatanggapin.


**Opisina ng Kawani ng County, 1300 NW Wall St, Suite 202 (2nd Floor), Bend**
**Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. | Araw ng Halalan, 7 a.m. hanggang 8 p.m.**
**— Mayroong mga Nakalaang Booth para sa Pagboto —**

# Mga Direksyon papunta sa Iyong mga Pinakabagong Lugar para sa Pagsumite ng Balota

***Hanapin ang mga karatula at banner na magdidirekta sa iyo sa mga lugar ng drop box.***

## Ang Drop Box ng Balota sa Aklatan ng Redmond (Redmond Library) ay Ibinalik sa 827 SW Deschutes Ave, Redmond

Matatagpuan ang drive-through box sa dulong kanluran ng parking lot.




## *…. Mga Paalala....*

**Ang Iyong Pakete ng Balota**

Maglalaman ang iyong pakete ng balota ng hindi bababa sa mga sumusunod na bagay:

- Nakaimprentang balota
- Sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo

**Paglagda ng Iyong Sobre para sa Pagbalik ng Balota**
Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota.
Ang lagda sa bawat sobre para sa pagbalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa lagda ng botanteng nasa file.
Kailangang magkatugma ang mga lagda bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong lagda, paki-update ang iyong rehistrasyon ng botante.
**Pagbabalik ng Iyong Balota**
Hindi kinakailangan ng selyo.
Ipadala sa koreo bago ang Araw ng Halalan, Martes, Mayo 20, 2025.

## Proseso ng Halalan sa Deschutes County




### Ika-1 Hakbang. Rehistrasyon ng Botante
Upang mag-rehistro para makaboto, kinakailangan mong magbigay ng balidong ID na nagpapatunay na kwalipikado kang bumoto. Pagkatapos suriin at patunayan ang iyong impormasyon, ipapasok namin ito sa aming database ng rehistrasyon ng botante.
ORS 247.012



### Ika-2 Hakbang. Pagsubok ng mga Kagamitan sa Halalan
Gumagamit kami ng mga kagamitan sa halalan na sertipikado ayon sa Pang-estado at Pederal na mga pamantayan. Sinusubok namin ang aming mga kagamitan sa halalan bago, sa panahon, at pagkatapos ng bawat halalan.
ORS 254.235





## Ika-3 Hakbang. Ang mga Balota ay Ipinadadala sa Koreo

Ang lahat ng rehistradong botante ay padadalhan ng pakete ng balota sa koreo na naglalaman ng kanilang balota at sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo na mayroong nakalimbag na security weave sa loob na nagpoprotekta sa iyong pagkapribado at pagiging lihim ng iyong boto. Binibigyan namin ang mga rehistradong Uniformed and Overseas Civilian na mga botante ng akses sa kanilang mga balota sa pamamagitan ng koreo o online portal.
ORS 253.065, 253.545, 254.470




## Ika-4 na Hakbang. Pagkolekta ng Balota

Sa Deschutes County, maaaring ibalik ng mga botante ang kanilang binotohang balota sa pamamagitan ng koreo o sa isa sa aming sampung lokasyon ng Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota, na madaling matatagpuan sa buong county. Kinokolekta ang mga balotang nasa Lugar ng Drop Box, at ang mga balotang ipinadala sa koreo ay tinatanggap sa aming Opisina ng Kawani na matatagpuan sa Gusaling Pangserbisyo ng Deschutes (Deschutes Services Building) para sa tabulasyon ng balota.
ORS 254.470



## Ika-5 Hakbang. Pagpapatunay ng Pagiging Kwalipikado ng Botante

Pagkatanggap ng iyong balota, ipinadadala ito sa pamamagitan ng aming sorting machine para sa sobre ng balota, na nagsa-scan ng larawan ng iyong lagda habang pinagbubukod-bukod ang inyong mga balota ayon sa presinto sa pagboto. Beberipikahin ng mga sinanay na tauhan ng halalan ang iyong lagda sa sobre sa

pamamagitan ng paghahambing nito sa iyong lagda sa file sa database ng rehistrasyon ng botante.
ORS 247.012, 247.019, 247.025, & 254.470





## Ika-6 na Hakbang. Pagproseso ng mga Balota

Kung parehas ang iyong mga lagda, bubuksan ang iyong sobre ng balota. Kung hindi sila magkatugma, makikipag-ugnayan kami sa iyo sa pamamagitan ng koreo upang malutas ang isyu para mabilang namin ang iyong balota. Kung nasira ang balota o naglalaman ng mga markang hindi nababasa ng makina, ibubukod namin ito para sa manwal na pagsusuri. Ang layunin namin ay bilangin ang lahat ng kwalipikadong balota tulad ng nilalayon ng mga botante.
ORS 254.478




## Ika-7 Hakbang. Pag-scan ng Balota at Tabulasyon


Pagkatapos tanggalin ang mga balota mula sa mga sobre nito, ini-iscan namin ang mga balota at binibilang ang lahat ng balidong boto para matukoy ang mga resulta ng bawat labanan sa halalan. Ang aming sistema sa pagboto na sertipikado ng pederal at estado ay ligtas at hindi kailanman konektado sa internet.
ORS 254.485, 254.500



## Ika-8 Hakbang. Paghatol sa Balota


Sinusuri ng mga pangkat na binubuo ng dalawang tauhan mula sa magkaibang partidong pampolitika, kung ang mga balota ay sira, may hindi dapat na mga marka, o

may mga pagwawasto, kulang sa bilang ng boto, bumoto ng labis, at mga blangkong labanan upang patunayan ang nilalayon ng botante at tiyakin ang tamang tabulasyon. Itinatago ang lahat ng balota sa isang ligtas na lokasyon na binabantayan 24/7 (sa lahat ng oras).
ORS 254.476, 254.482, 254.483





## Ika-9 na Hakbang. Hindi Opisyal na mga Resulta ng Halalan

Nagsisimula kaming maglathala ng mga hindi opisyal na resulta pagkalipas ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi opisyal ang mga resulta hanggang sa lumipas na ang lahat ng deadline sa pagbalik ng balota at pagkatapos naming mabilang ang bawat isang balidong balota na natanggap namin.
ORS 254.545
**Hanapin ang mga hindi opisyal na resulta sa** deschutescounty.gov/electionresults



## Ika-10 Hakbang. Pagsertipika ng Opisyal na mga Resulta


Pagkatapos suriin at beripikahin ng Board of Canvassers ang kinalabasan ng halalan, sinesertipika ng county ang mga opisyal na resulta ng halalan.
ORS 254.545(3)
**Inilalathala ang mga sertipikadong resulta ng halalan 27 araw pagkatapos ng Araw ng Halalan sa** deschutescounty.gov/electionresults



## Ika-11 Hakbang. Pag-audit

Ang mga pag-audit ay normal na pamamaraang bahagi ng bawat halalan para

mabawasan ang pagkakamali at panlilinlang. Ginagamit namin ang mga pag-audit para kumpirmahin na tumpak na binasa at binilang ng mga kagamitan ng halalan ang mga balota ng botante, at sinasalamin ng kinalabasan ng halalan ang pagboto ng mga botante, at sinunod ng mga tauhan ng halalan ang mga patakaran.
ORS 254.529



### Ika-12 Hakbang. Pagtatago ng Balota

Ligtas naming itinatago nang dalawang taon ang lahat ng balotang papel, at iba pang mga rekord bilang bahagi ng opisyal na rekord. Pagkalipas ng dalawang taon, sinisira ang mga balota.
OAR 166-150-0035(14)(a)

# Panukalang-Batas 09-180 – Pandistritong Serbisyo ng Black Butte Ranch (Black Butte Ranch Service District)

**Limang Taong Lokal na Opsyon na Singil sa Buwis ng Pandistritong Serbisyo ng Black Butte Ranch (Black Butte Ranch Service District)**

**Tanong:** Dapat bang magpataw ang Distrito ng isang limang-taong lokal na opsyon na buwis na $0.78 kada $1000 para sa operasyon simula 2025-2026? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang mahigit tatlong porsyento.

**Buod:** Gagamitin ng Pandistritong Serbisyo ng Black Butte Ranch (Black Butte Ranch Service District) ang kita mula sa limang-taong lokal na opsyon na buwis na ito para mapanatili ang mga kasalukuyang antas ng serbisyo. Ang kasalukuyang mga taunang pagtaas ng kita ng Pandistritong Serbisyo ng Black Butte Ranch (Black Butte Ranch Service District) ay humigit-kumulang 3-3.5% kada taon. Ang pag-apruba sa iminungkahing halaga ay makakalikom ng humigit-kumulang $651,872 sa 2025-2026, humigit-kumulang $674,035 sa 2026-2027, humigit-kumulang $696,952 sa 2027-2028, humigit-kumulang $720,649 sa 2028-2029, at humigit-kumulang $745,151 sa 2029-2030. Ang kabuuang halaga ng buwis na malilikom sa pamamagitan ng panukalang-batas na ito ay humigit-kumulang $3,488,659. Sa isang bahay na nagkakahalaga ng $500,000, ang pagtatasa ay $32.50 kada buwan o $390 kada taon. Ang tinatayang halaga ng buwis sa panukalang-batas na ito ay isang PAGTATANTYA LAMANG batay sa pinakamainam na impormasyong makukuha mula sa tagatasa ng county sa panahon ng pagtatantya.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Ang Pandistritong Serbisyo ng Black Butte Ranch (ang “Distrito”) ay nagbibigay ng mga serbisyo ng kapulisan sa mga residente nito. Ang kasalukuyang permanenteng ipinapataw na buwis ng Distrito ay $1.0499 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian sa Distrito.

Noong 2010, inaprubahan ng mga botante sa Distrito ang isang lokal na opsyon na singil sa buwis na $0.55 kada $1000 ng tinasang halaga. Ini-renew ng mga manghahalal sa Distrito ang pagpapataw ng buwis noong 2015. Noong 2020, inaprubahan ng mga manghahalal ang isang lokal na opsyon na singil sa buwis na $0.65 kada $1000 ng tinasang halaga. Ang inaprubahang ipinataw na buwis noong 2020 ay magwawakas sa Hunyo 30, 2025; humihiling ang Distrito ng pag-apruba ng

isang lokal na opsyon na buwis upang mapanatili ang kasalukuyang operasyon. Ang iminungkahing lokal na opsyon na buwis na ito ay $0.78 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian. Sa isang bahay na nagkakahalaga ng $500,000, ang pagtatasa ay $32.50 kada buwan o $390.00 kada taon.

Ang iminungkahing ipapataw na buwis na ito ay makakalikom ng humigit-kumulang $651,872 sa 2025-2026, $674,035 sa 2026-2027, humigit-kumulang $696,952 sa 2027-2028, humigit-kumulang $720,649 sa 2028-2029, at humigit-kumulang $745,151 sa 2029-2030.

Mga 75% ng badyet ng Distrito ay ginagamit sa pasahod at mga kaugnay na gastos. Ang Distrito ay kasalukuyang may anim na nanumpang tagapagpatupad ng batas at isang kawaning tagapangasiwa.

Ang Distrito ay kasalukuyang mayroong $.65 na lokal na opsyon na buwis na magwawakas ngayong taon. Kung hindi maaprubahan ang bagong lokal na opsyon na buwis na ito, magkakaroon ng malaking kakulangan sa badyet. Ang mga maaaring gawin para matugunan ang kakulangan ay ang pagbabawas ng mga tauhan at serbisyo sa pagpapatrolya.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ni:* Anthony DeBone, Chair, Deschutes County BOCC

# Panukalang-Batas 9-181 – Espesyal na Pandistritong Lansangan ng Cascade View Estates Tract 2 (Cascade View Estates Tract 2 Special Road District)

**Pag-aayos at Muling Paglalatag sa Kasalukuyang mga Sementadong Kalsada**

**Tanong:** Dapat bang magpataw ang Distrito ng buwis na $1.39 kada $1000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon para sa mga proyekto kaugnay ng muling pagsesemento na magsisimula sa taong 2025/26? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang mahigit tatlong porsyento.

**Buod:** Ang panukalang-batas, kung maaprubahan, ay magbibigay-daan sa distrito na magpataw ng mga buwis upang pondohan ang pag-aayos at muling paglalatag sa mga sementadong kalsada sa loob ng Espesyal na Pandistritong Lansangan ng Cascade View Estates Tract 2 (Cascade View Estates Tract 2 Special Road District). Ang kabuuang tinatayang gastos ng proyekto, kasama ang mga bayarin sa pananalapi, ay $330,503. Ang panukalang-batas ay maglalabas ng lokal na opsyon na singil sa buwis para sa pagpapatakbo sa presyong hindi lalampas sa $1.39 kada $1000 ng nabubuwisang tinasahang halaga sa Distrito sa loob ng limang taon, simula Hulyo 1, 2025. Ang mga tinatayang kita sa loob ng 5 taon ay:

| Piskal na Taon | Tinatayang Taunang Kabuuan: |
|---|---|
| 2025-26 | $62,252 |
| 2026-27 | $64,119 |
| 2027-28 | $66,043 |
| 2028-29 | $68,024 |
| 2029-30 | $70,065 |
| Kabuuang Halaga | $330,503 |

Ang tinatayang halaga ng buwis sa panukalang-batas na ito ay PAGTATANTYA LAMANG batay sa pinakamainam na impormasyong makukuha mula sa tagatasa ng county sa panahon ng pagtatantya at maaaring magpakita ng epekto ng mga diskuwento sa maagang pagbabayad, compression, at rate ng koleksyon.

Mga lugar kung saan inaasahan ang pagpapaganda ng kalsada: - Juniper Road mula Alfalfa Market Road hanggang Elk Lane; Elk Lane mula Juniper Road hanggang Deschutes Road; Deschutes Road mula Elk Lane hanggang Bachelor Lane; Todd Road

mula Alfalfa Market Road hanggang Raven Lane; Raven Lane mula Todd Road hanggang Fremont Road; at, Fremont Road mula Raven Lane hanggang Cultus Lane.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Espesyal na Singil sa Buwis para sa Muling Paglalatag sa mga Sementadong Kalsada

Minamahal naming mga Kapwa Residente,

Kailangan namin ang inyong suporta para maaksyunan ang kritikal na kondisyon ng ating mga sementadong kalsada sa Espesyal na Pandistritong Lansangan ng Cascade View Estates Tract 2 (Cascade View Estates Tract 2 Special Road District). Kabilang sa mga kalsadang ito ang: Bahagi ng Todd - mga sementadong seksyon ng Todd, Raven, at Fremont. Bahagi ng Juniper - mga sementadong seksyon ng Juniper, Elk, at Deschutes. Batid ninyo na tungkulin ng ating komunidad na panatilihin ang ating mga kalsada dahil hindi ito ginagawa ng county.

Ang taunang badyet natin na humigit-kumulang $58,000 ay pangunahing ginagamit para sa pagpapanatili ng ating 9 na milyang mga kalsadang graba, na nagbibigay-daan lamang para sa isang pagpapatag (grading) kada taon. Ang tatlong milyang sementadong kalsada natin, na 20 taon na ngayon, ay nakikitaan na nang matinding pagkasira at pagkaluma. Hindi na pangmatagalang solusyon ang pagtatapal (patching), at mabilis nang nasisira ang mga kalsada. Kung walang agarang aksyon, tuluyang masisira ang mga kalsadang ito, na magdudulot ng magastos na mga pag-aayos at mga isyung pangkaligtasan.

Para sa paglalatag sa ating mga sementadong kalsada, mangangailangan tayo ng humigit-kumulang $330,000. Ang paggastos na ito ay higit pa sa kasalukuyang badyet natin. Iminumungkahi namin ang isang limang-taong espesyal na singil sa buwis para pondohan ang mahalagang proyektong ito. Ang ipapataw na buwis na ito ay isang beses lamang na panukalang-batas, para matiyak ang bagong sementadong kalsada na inaasahang tatagal ng 15-20 taon. Hindi ito singil sa buwis na irerenew.

Ang pamumuhunan sa ating mga kalsada ngayon ay nagbibigay-proteksyon sa halaga ng ating mga ari-arian. Tinitiyak nito ang ligtas at maayos na paglalakbay para sa lahat sa ating komunidad. Ang pagpapaliban sa proyektong ito ay magdudulot lamang ng mas mataas na gastos at mas malalaking mga problema sa hinaharap.

Nauunawaan namin na dagdag na gastusin ang isang espesyal na singil sa buwis. Gayumpaman, isang mahalagang pamumuhunan ito para mapangalagaan ang kalidad at kaligtasan ng ating komunidad.

Maraming salamat mula sa inyong boluntaryong lupon ng mga direktor
Espesyal na Pandistritong Lansangan ng Cascade View Estates Tract 2 (Cascade View Estates Tract 2 Special Road District)

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ni:* John Brooks, Presidente, Espesyal na Pandistritong Lansangan ng Cascade View Estates Tract 2 (Cascade View Estates Tract 2 Special Road District)